Tungkol sa Health Insurance Marketplace

Mas mahusay na pagpipiliang pangkalusugang kaseguraduhan

Kapag ang mga bahagi ng batas ng pangangalaga ng kalusugan ay magsimula sa 2014, magkakaroon ng bagong paraan para bumili ng pangkalusugang kaseguraduhan: ang Health Insurance Marketplace. Ang Marketplace ay ginawa para tulungan kang humanap ng pangkalusugang kaseguraduhan na makakayanan ng badyet, na menos gulo.

Lahat ng plano para sa pangkalusugang kaseguraduhan sa bagong Marketplace ay magaalok ng malawak na masasakupan, mula duktor hanggang gamot hanggang pagdalaw sa ospital. Maari mong ipaghambing ang lahat ng iyong opsyon ng kaseguraduhan ayon sa halaga, benepisiyo, kalidad, at marami pang ibang katangian na maaring importante sa iyo, sa salitang madaling maintindihan.

Malalaman mo na nakakakuha ka ng kalidad na plano para sa pangkalusugang sa makatwiran na halaga, sapagkat walang nakatago sa maliit na sulat.

Plano para sa kaseguraduhan na pinatatakbo ng mga pribadong kumpanya

Kapag namimili sa Marketplace, lahat ng kailangan mo ay nakalatag para sa iyo. Lahat ng gastos ay nakatakda, para malinaw ang pagliwanag sa kung ano ang iyong binabayaran at ano ang nakukuha mo bago ka pumili.

Sakop ng batas ng pangangalaga ng kalusugan, magkakaroon ng mga bagong proteksyon para sa iyo at ang iyong pamilya. Hindi ka maaring tanggihan sakupin o singilin ng mas mahigit ng mga kumpanya para sa pangkalusugang kaseguraduhan sapagkat mayroon kang matagal na o kasulukuyang umiiral na kondisyon, at hindi maaring singilin ng mas mahigit ang babae sa lalaki.

CMS
CENTERS FOR MEDICARE & MEDICAID SERVICES

Abangan ang dagdag na impormasyon sa Oktubre 2013

Sa simula ng 1 ng Oktubre , maaari kang makakuha ng impormasyon tungkol sa lahat ng planong inaalok sa iyong pook. Maaari mong isali ang sarili mo at ang pamilya mo, deretso sa pamamagitan ng website, o tumawag sa toll-free phone hotline.

Kung nakakaranas ka ng hirap sa paghanap ng plano na tutupad sa pangangailangan at badyet mo, mayroong mga tauhan na makakatulong sa iyong pansariling pangangailangan. Itong mga tumutulong ay hindi nauugnay sa kahit anong natatanging plano, at hindi tumatanggap ng anumang komisyon, kaya ang tulong na ibibigay nila ay walang pinapanigan.

Sakupan sa pamamagitan ng Marketplace ay magsisimula sa Enero 2014.

3 bagay na dapat malaman tungkol sa Health Insurance Marketplace.

1. **Ito ang mas madaling paraan para mamili ng pangkalusugang kaseguraduhan.**

   Ang Health Insurance Marketplace ay nagpapasimple sa paghahanap ng pangkalusugang kaseguraduhan na sama-sama na lahat ng pagpipilian sa isang lugar. Isang aplikasyon, isang beses, ikaw at ang buong pamilya mo ay puwedeng maghanap sa lahat na angkop ng plano para sa kaseguraduhan sa pook mo, kasama ang anumang libre o mababang-halaga na mga programang kaseguraduhan na karapat-dapat sa iyo.

2. **Maraming tao ay makakakuha ng magandang halaga.**

   Programa na magpapababa ng halaga ay inaalok sa marami. Ikaw ay maaaring karapat-dapat para sa libre o mababang gastos na plano o sa bagong uri ng kredito ng buwis na nagpapababa ng iyong buwanan bayad sa seguro kaagad. Mga bagong patakaran at dagdag sa programa na kahit mga pamilyang may trabaho ay makakakuha ng tulong sa pagbayad para sa pangkalusugang kaseguraduhan sa Marketplace.

3. **Binibigyan ka ng pamamahala sa pagpili ng may liwanag at ayos na paghahambingan.**

   Lahat ng impormasyon tungkol sa halaga at benepisiyo ng mga plano para sa pangkalusugang kaseguraduhan sa Marketplace ay simple ang paliwanag, para hindi na kailangan manghula tungkol sa gastos. Makakakuha ka ng maliwanag na isipan ng iyong binabayaran, ano ang iyong makukuha, bago ka pumili.

7 bagay na maaari mong gawin para humanda ngayon

1. **Pag-aralan ang naiibang klaseng pangkalusugang kaseguraduhan.** Sa pamamagitan ng Marketplace, makakapamili ka ng plano para sa pangkalusugan na nagbibigay ng tamang balanse ng gastos at nasasakop.

2. **Gumawa ng listahan ng mga tanong bago dumating ang oras ng pagpili ng plano para sa pangkalusugan.** Halimbawa, "Maaari ko bang gamitin ang kasalukuyan kong doktor?" o "Masasakop ba ng plano ang pangkalusugang gastos kapag ako ay lumalakbay?"

3. **Siguraduhin mong naiintindihan mo kung paano gumagana ang kaseguraduhan, kasama ang bawas gastos, sariling gastos, kasamang gastos, at marami pang iba.** Gugustuhin mong pagisipan itong mga detalye habang kang namimili. Dalawin ang **www.HealthCare.gov** para matutunan mo kung paano gumagana ang kaseguraduhan.

4. **Simulan mong mag-ipon ng saligang impormasiyon tungkol sa kita ng sambahayan mo.** Karamihan ay makakakinabang sa menos ng gastos, at kailangan mo ang impormasiyon tungkol sa kita mo para malaman kung magkano ang karapat-dapat sa iyo.

5. **Ihanda mo ang badyet mo.** Mayroon iba-ibang klase ng plano para sa pangkalusugan ang tutupad sa sarisaring pangangailangan at badyet, at paghihiwalayin sila ayon sa gastos para makakatulong sa iyong pagpili.

6. **Alamin mo sa amo mo kung balak nilang magalok ng pangkalusugang kaseguraduhan,** lalo na kung nagtatrabaho ka para sa maliit na kumpanya.

7. **Pagaralan ang kasalukuyang opsyon.** Maaari kang makakuha ng tulong ngayon sa kaseguraduhan sa pamamagitan ng umiiral o pagbabago sa programa na kasulukuyang epektibo sa bagong batas ng pangangalaga ng kalusugan. Dalawin ang **www.HealthCare.gov** para sa impormasyon tungkol sa pangkalusugang kaseguraduhan para sa may gulang na hangang sa idad na 26, mga anak sa pamilya na may limitadong sahod (CHIP), at Medicare para sa mga taong mahigit 65 ang idad o may kapansanan.

Dalawin ang **www.HealthCare.gov** para mapagaralan ng husto ang Marketplace.

This is an Official
U.S. Government Product

CMS Produkto Num. 11629 - T (Tagalog)
Rebisado ng Disyembre 2012